# 1 ANG PAMAMARAAN NG PAGDARASAL NG PROPETA MUHAMMAD

(SALLALLAHU ALAYHI WA SALLAM)

**1**


Tumingin sa lugar kung saan ka magsasagawa ng *Sujud*, at Huwag palingun-lingon.

*Sunnah* na magdasal ang *Imam* at *Munfarid* sa harapan ng *Sutrah*, Ang *Sutrah* ng Imam ay *Sutrah* para sa sinumang nasa likod niya.




**2**

Pagpantayin ang pagitan ng dalawang paa katulad sa pagitan ng dalawang balikat nang walang labis at walang kulang, at ituwid ang nasa bandang labas ng dalawang ito.




**3**

Pagkatapos maisakatuparan ang mga Kondisyon ng Salah, kanyang sasabihin ang ((*ALLAHU AKBAR*)) - kasabay nito ang pag-taas ng dalawang kamay habang lapat ang mga daliri - hanggang sa tainga o balikat, at ang kanyang palad ay nakaharap sa *Qiblah*.



**4**

Pagkatapos ay ilalagay ang kanyang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay at ang bisig at braso ay nakalatag ((sa kanyang dibdib)) o nakahawak.



**5**

- *Mustahabb* (kaibig-ibig) na basahin ang panalangin sa *Al-Istiftaah* sa unang *Rakaah* lamang, at mainam din na basahin ang iba't ibang panalangin na naiulat hinggil sa *Al-Istiftaah*.

Sabihin ang: ((*SUBHANAKA ALLAHUMMA WA BIHAMDIKA WA TABARAKAS-MUKA, WA TAALA JADDUKA, WA LA ILAHA GHAYRUKA*)).

- Pagkatapos ay sabihin ang *Al-Isitiaadhah* katulad ng naiulat: ((*AUDHU BILLAHI MINASH-SHAYTANIR-RAJEEM*)).


- Pagkatapos sambitin ang *Basmalah*, at basahin ang Al-Fatihah (talata, salita, letra, at markang patinig nito) nang maayos at tama.

*(1) BISMILLAAHIR-RAHMAANIR-RAHEEM (2) ALHAMDULILLAAHI RABBIL AALAMIIN (3) ARRAHMAANIR RAHEEM (4) MAALIKI YAWMID DIIN (5) IYYAKA NA'BUDU WA IYYAKA NAS TA II'N (6) IHDINAS SIRAATAL MUSTAQIIM (7) SIRAATAL LADHIINA AN AMTA ALAYHIM GHAYRIL MAGHDUUBI ALAYHIM WALAD DAA~L LIIN*

- Pagkatapos ay magbasa ng abot-kaya mula sa Qur-an; ito'y kaibig-ibig subalit hindi na kailangan pang sambitin ang *Al-Istiaadhah* at sambitin ang *Basmalah* sa unahan ng mga Surah lamang.


**6**

Pagkatapos ay itaas ang dalawang kamay tulad ng nasa *Takbiratul Ihram* at sambitin ang ((*ALLAHU AKBAR*)) at magsagawa ng *Ruku'*, Pagkatapos ay hawakan ang tuhod, at huwa baluktutin ang bahagi ng siko, at ipantay ang likod sa ulo. At obligadong sambitin nang isang beses ang: ((*SUBHAANA RABBIYAL ADHIM*)) at kaibig-ibig na dagdagan nang anumang naiulat patungkol dito.




**7**

- Pagkatapos kasabay ng pag-angat mula sa *Ruku'* at bago ang pagtayo nang matuwid, kanyang sasambitin ang: ((*SAMI-ALLAHU LIMAN HAMIDAH*)) habang itinataas ang dalawang kamay hanggang tainga o balikat.
- At lapag nakatayo na nang matuwid kanya namang sasambitin: ((*RABBANA WA LAKAL HAMD*)). at kaibig-ibig na magdagdag pa tulad ng naiulat hinggil rito.
- Pagkatapos ay sasambitin ang *Takbir*: ((*ALLAHU AKBAR*)) nang hindi na itinataas pa ang dalawang kamay at pagkatapos ay magsagawa ng *Sujud* gamit ang pitong bahagi ng katawan: ito'y ang noo kasama ang ilong, dalawang palad, dalawang tuhod, at ilalim ng daliri ng dalawang paa.
- At paghiwalayin ang pagitan ng dalawang kili-kili, pati na rin sa pagitan ng tiyan at hita, at pagitan ng hita at binti, at iangat ang kanyang dalawang braso mula sa lupa




**8**

- At sambitin ang: ((*SUBHAANA RABBIYAL A'LA*)) isang beses na obligado at kaibig-ibig na magdagdag pa tulad ng naiulat hinggil rito, at maaari rin na manalangin gamit ng kamahal-mahal na panalangin para sa kanya, subalit ang pinakamainam ay ang manalangin gamit ng anumang panalangin na naiulat hinggil rito.




**9**

- Pagkatapos ay mag-*Takbir* at umupo sa kaliwang paa habang nakatayo ang kanyang kanang paa at ang ilalim ng mga daliri nito'y nasa lupa habang nakaturo naman sa qiblah ang mga daliri. Ilagay ang palad sa hita at sabihin ((*ALLAHUMMAGHFIR LIY*)). Ganito ang pamamaraan ng pag-upo sa lahat ng paupo sa Salah liban sa pangatlong *Raka'ah* o pangapat sa pinakahuling *Tashahhud* dahil ang paraan ng upo dito'y tinatawag na *Tawarruk*; ilagay ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang binti.




**10**

Pagkatapos ay mag-*Takbir* at magsagawa ng *Sujud* katulad ng unang *Sujud*. Pagkatapos ay mag-*Takbir* at tumayo para gawin ang pangalawang *Raka'ah*, at gawin na lamang ang mga ginawa sa una *Raka'ah* liban na lamang ang *Raka'ah* sa pangalawa ay walang nang *Takbiratul ihram* at *Dua Istiftaah*.



- At kapag natapos na ang pangalawang *Sujud* siya ay obligadong uupo para sa *Attashahhud*.


- At kanyang ituro ang kanyang hintuturo, habang ipagdikit ang naiwang daliri nang pabilog, pagkatapos ay pagalawin ang hintuturo kapag nananalangin.



- Basahin ang *Attashahhud* pagkatapos sundan ito ng *Salatul Ibrahimiyyah* ((*ATTAHIYATU LILLAHI, WAS SALAWAATU, WAT TAYYIBAATU, ASSALAMU ALAYKA AYYUHAN NABIY WA RAHMATULLAHI WA BARAKAATUHU, ASSALAMU ALAYNA WA ALA IBADILLAHIS SALIHEEN, ASH-HADU AN LA ILAHA ILLA ALLAH WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHU WA RASULUH. ALLAHUMMA SALLI ALA MUHAMMAD, WA ALA AALI MUHAMMAD, KAMA SALLAYTA ALA IBRAHIM, WA ALA AALI IBRAHIM, INNAKA HAMIDUN MAJID, WA BAARIK ALA MUHAMMAD, WA ALA AALI MUHAMMAD, KAMA BAARAKTA ALA IBRAHIM, WA ALA AALI IBRAHIM, INNAKA HAMIDUN MAJID*))

- Humingi ng pagpapakupkop mula sa apat ((*ALLAHUMMA INNIY AUDHO BIKA MIN ADHABI JAHANNAM, WA AUDHO BIKA MIN ADHABIL QABR, WA AUDHO BIKA MIN FITNATIL DAJJAL, WA AUDHO BIKA MIN FITNATIL MAHYA WAL MAMAAT*)) at pagkatapos ay manalangin ng ninanais na panalangin, subalit ang pinakamainam dito ang panalangin na naiulat tulad ng: ((*ALLAHUMMA AINNIY ALA DHIKRIKA WA SHUKRIKA WA HUSNI IBAADATIK*)).

- Pagkatapos ay mag-*Taslim* nangg dalawang beses, mula sa kanan pagkatapos sa kaliwa, lilingon lang gamit ng ulo hindi kasama ang balikat at hindi pagagalawin ang ulo mula pataas at pababa, at huwag igagalaw ang dalawang kamay.




إعداد : د.هيثم سرحان ، المدرس بالمسجد النبوي والمشرف على « معهد السنة : mahadsunnah.com »



حقوق الطبع والنشر والتوزيع متاحة – لترجمة المطوية : sarhaan.com أو امسح الباركود